Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-26 NG ENERO, 2000, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:25 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO ............ PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar ......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca ............ Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad

KAPASIYAHAN BLG. 26 -T'2000

**KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA KGG. PUNONG LALAWIGAN JOSE D. LINA, JR. NA MAPAGKALOOBAN ANG PAMAHALAANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA NG HALAGANG ISANG MILYON AT LIMANDAANG LIBONG PISO (P1,500,000.00) BILANG KARAGDAGANG HALAGA PARA SA PAGPAPAGAWA AT PAGSASAAYOS NG GUSALI NG TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN.**

**SAPAGKA'T,** bilang kapital na bayan sa Lalawigan ng Laguna, nangangailangan ng maayos na tanggapan ng Sangguniang Bayan upang mabigyang-lugar ang pagtanggap sa dumaraming bilang ng mga kababayang nangangailangan ng paglilingkod ng nabanggit na tanggapan;

**SAPAGKA'T,** lubhang maliit at masikip ang nasabing tanggapan para sa pagtanggap ng mga panauhin at pag-ookupa ng mga tauhan nito na nagsasagawa ng mga gawain at tungkuling panglehislasyon;

**SAPAGKA'T,** walang sapat na pondo ang pamahalaang bayan upang maipagawa at maipaayos ang gusali ng Tanggapan ng Sangguniang Bayan.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Jeffrey A. Villaseñor at Ricardo B. Ramirez at sa buong pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na mapitagang humiling sa Kgg. Punong Lalawigan Jose D. Lina, Jr. na mapagkalooban ang pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna ng halagang P1,500,000.00 bilang karagdagang halaga para sa pagpapagawa at pagsasaayos ng Gusali ng Tanggapan ng Sangguniang Bayan.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Lalawigan Jose D. Lina, Jr., Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman at Pambayang Pinuno sa Pagpaplano at Pagpapaunlad, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**NAGPATUTOO:** HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan/Tagapangulo

**PINAGTIBAY:** DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan